タガログ語

## かけがえのない命！いじめを絶対に許さない緊急アピール

## HINDI NAPAPALITAN ANG BUHAY ! APILA PARA SA PAGSUGPO NG PANG-AAPI

July 20, 2012

Suzuki Eikei : Mie Ken Governor

Tanbo Kenichi: Mie Prefecture Chairman of the Ministry of Education

Maraming beses nang nagaganap ang pagpapakamatay ng mag-aaral dahil sa pang-aapi ng kapwa , kaya't bigyan ito ng seryosong pansin upang matigil ang mga trahedyang ito.

Ang pang-aapi ay hindi mapapatawad. Ito ay posibleng mangyari kahit sa kaninong mag-aaral at kahit saang paaralan. Sa ngayon, para sa kapakanan ng mga batang mag-aaral, mga paaralan at pati na rin sa mga indibidwal na may sapat na gulang, dapat bigyang pansin ang malubhang problemang ito ng pang-aapi ng kapwa. At kapag naramdaman at may senyales ng pang-aapi, mabilis na ipaalam agad sa kinauukulan.

Bawat isa sa atin ay kinakailangang ipaalala lagi sa mga anak na「hindi dapat mang-api ng kapwa dahil ito ay hindi mapapatawad」 Magkaroon ng resolusyon at pangakuin ang mga anak na hindi gagawin ang pang-aapi sa kapwa at bigyan ng pagsasanay na kinakailangan upang palalimin ang kooperasyon ng bawat isa at matupad ang kani-kanilang tungkulin at responsibilidad.

【Para sa mga guro】

Ang pang-aapi ay nagyayari saan mang silid-aralan at kahit sa kaninong mag-aaral. Kapag may napansin na kahit kaunting senyales ng may inaapi, huwag kaligtaan at agad bigyan ng pansin ang mga bagay na ito.

Mula ngayon, gumawa ng paraan upang maunawaan ng mga mag-aaral ang mabuti at masama sa kapaligiran. Iwasan ang pang-aapi、gumawa ng pagsisikap upang suportahan ang mabilis na pagtuklas kung may inaapi. Subalit huwag sarilinin ang paglutas ng problemang ito. Malalaman sa kilos at pananalita ng mag-aaral kung siya ay inaapi, mangyaring bigyan agad ito ng pansin at suporta.

Gawin ang lahat ng pagsisikap at makipagtulungan sa mga kaugnay na organisasyon upang ma protektahan ang lahat ng mga bata sa buong komunidad. Lahat kami ay aktibong susuporta sa inyo.

【Para sa mga magulang】

Pagmasdang mabuti ang galaw at kilos ng anak at suriing mabuti kung mayroong senyales na inaapi o may problema.

Importante ang magkaroon ng magandang relasyon at komunikasyon sa anak, makinig sa kanilang sasabihin upang sila ay madaling makakapag konsulta sa inyo sa anumang oras kapag sila ay may problema.

Ipaalam at ituro sa bawat anak ang mga bagay na pag nawala ay hindi na maibabalik o mapapalitan. Siguraduhin at sapat na pag-usapan sa loob ng tahanan na ang pang aapi ay hinding hindi pahihintulutan.

【Para sa lahat ng karehiyon】

Mangyaring paki tingnan at mag obserba sa mga kilos at galaw ng mga bata upang sila ay mapangalagaan. Kapag may napansing kakaiba sa bata, ipaalam lamang agad sa kinauukulan.

Bigyan ng halaga ang pakikipag ugnayan sa mga kabataan sa pamamagitan ng pagbati sa kanila at paglahok sa mga kaganapan ng komunidad. Magkaisa ang lahat upang mabigyan ng proteksyon ang mga kabataan sa buong rehiyon.

Para sa kapakanan ng mga bata, pag-isipan na ngayon kung ano ang iyong magagawang tulong, ano ang dapat gawin at aktibong kumilos para sa kaligtasan ng mga kabataan.

～Mensahe para sa mga kabataan～

Hindi pahihintulutan ang pang-aapi sa kapwa. Gayundin sa nanonood at nagsusulsol habang may inaapi ay may kaparusahan din. Kapag may nakitang inaapi, ipaalam agad ito sa sinu mang tao na may sapat na gulang. Pagbibiro at laro lamang ang nasa isip mo subalit hindi mo alam na ikaw ay nakakasakit na ng kalooban dahil sa iyong salita at gawa. Laging isipin ang damdamin ng kapwa.

Para sa lahat, kahit anu man ang mangyari ay hindi dapat magpatiwakal ang tao. Sa oras na may problema, huwag itong sarilinin. Lakasan ang loob na magsangguni sa magulang, guro at kaibigan. Huwag kalilimutang may mga taong nagmamalasakit sa iyo.

Magkaisa tayong lahat para sa proteksyon ng kapwa.